**Huwag Sasabihing Hinding-hindi**

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder

*June 6, 2020*

Noong malapit ng ipako si Hesus, sinabi Niya sa kanyang mga disipulo na iiwanan Siya ng lahat. Sinabi ni Pedro, " Kahit na po iwan kayo ng lahat, hindi ko po kayo iiwan." Sumagot si Hesus, " Tandaan mo, sa gabi ring ito, bago tumilaok nang makalawa ang manok ay makaitlo mo akong itatatwa" (Mc. 14:26-31). Marami ring pagkakataon, kagaya tayo ni Pedro, tiniyak nating hinding-hindi natin iiwan si Hesus. Sa kasamaang palad, unti-unti natin Siyang itinatanggi dahil sa mga makamundong pinagkakaabalahan natin.

Bagamat, naniniwala tayo sa Diyos, may ugali tayong makasarili. Iniisip natin na mas maganda ang ating paniniwala at moral kaysa sa ibang tao. Naniniwala rin tayong mas malalim na ang ating pananampalataya at hinahatulan natin ang iba sa pamamagitan ng sarili nating pamantayan sa buhay. Hindi man natin ito matatanggap, ngunit iniisip natin na may tangi tayong taglay.

Bilang Kristiyano, isaisip natin ang mga ito:

- " Mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, baka siya ay mabuwal" (1 Cor. 10:12).
- Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag bagkus magpakababa kayo (Fil. 2:3).

Sa pamamagitan ng pagka-makasarili natin, naitatatwa natin si Hesus. May dalawang tao sa Bibliya ang gumawa nito. Ang una ay ang binatang mayaman na nagmalaki kay Hesus na sinunod niya ang lahat ng utos. Gayunpaman, noong binigyan siya ng pagkakataong sumunod, tumanggi siya (Mt. 19). Ang pangalawa ay si Pedro.

Bilang Kristiyano, itinatatwa rin natin si Hesus sa pagtanggi sa pagluwalhati sa Kanya sa buhay natin kung:

- nahihiya tayong magpatotoo na nabago na tayo.
- hindi natin mabanggit ang Kanyang pangalan.
- hindi natin maibahagi ang mga ginawa ng Diyos sa buhay natin.
- sinusuway natin ang Kanyang Salita.
- hindi natin sinusunod ang Salita ng Diyos sa labas ng simbahan.
- pinipili nating huwag magsilbi dahil abala tayo.

Dahil sa takot, nagagawa natin ang mga ito, ngunit, hinahamon tayong:

- mamuhay ayon sa salita ng Diyos, hindi tagapakinig lang (Santiago 1:22)
- sumunod kay Hesus (Lu 5:11)

Kung di natin sinusunod ang mga ipinag-uutos ni Kristo, katulad din tayo ng mga taga-sunod Niya. Sa mga tanda't himala lang sila tumitingin; kaya't kapag nahihirapan na silang sumunod, iniiwan na nila ang Diyos

**Pagninilay:**

Kung mahirap ng sundin ang mga turo ni Hesus, tumitigil ka ba sa pagsunod sa Kanya?

Sinabi ni Hesus na dito sa mundo maraming pagsubok; ngunit kung sumusunod tayo magiging maayos ang lahat (Jer 7:23).

**Pagninilay:**

Tinanggihan mo ba ang Diyos noong binigyan ka ng pagkakataong sumunod sa Kanya?

Siguro nagkamali na rin tayo, pero hangad pa rin ng Diyos na mahalin natin Siyang muli, kagaya nang unang pagmamahal natin sa Kanya (Pahayag 2:4-5).

**Isinalin ni: Sis. Nida Cruz**
**Na-edit ni: Sis. Vera I. Tuplano**
**Inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**
**Inisponsoran ni: Sis Vera I. Tuplano**